

Piyesta sa Kawasaki nitong Tag-lagas (Autumn)

川崎駅周辺で行われる秋祭り



Tatlong malalaking piyesta ang gaganapin sa istasyon ng Kawasaki nitong ika-20 ng Oktubre (Sabado) at ika-21 (Linggo) dalawang magkasunod na araw mula alas onse ng umaga hanggang alas sinko ng hapon. Ang mga ito ay: “Iijan Kawasaki” (いいじゃんかわさき) “Ren-ren-ren Tsunagou Kawasaki” (連連連つながうかわさき) at Ginryugai-Ginzagai Aki matsuri(銀柳街・銀座街秋祭り)

Ang Iijan-kawasaki ay gaganapin sa Higashida Park sa Higashida cho, Kawasaki ward. Sa pamilihing lokal ay magdaraos ng iba’t ibang ibento kabilang ang stamp rally at parade. Ang Ren-ren-ren Tsunagou Kawasaki naman ay gaganapin sa paradahan ng sasakyan ng Kawasaki City Office Building No.1 mapapanood dito ang ari-ariang pang industriya ng Kawasaki, Piyesta ng mga Robot. Ang Ginryugai-Ginzagai Aki Matsuri ay gaganapin naman sa Ginryugai-Ginzagai shopping arcade sa harap ng istasyon ng Kawasaki. May mga charity events, eksibisyon ng mga drowing ng mga mag-aaral ng elementarya atbp. Halina’t magsaya, makilahok sa mga piyesta nitong Tag-lagas.

Ang inyong mga katanungan ay itawag ng direkta sa Economic Affairs Bureau, Commerce and Tourism Section (Keizai-kyoku Sho-gyo Kanko-ka) 044-200-2356.

Kawasaki Halloween 2007

317

カワサキハロウイーン 2007



Itong malaking ibento ng Halloween ay gaganapin sa Sabado, ika-20 ng Oktubre hanggang ika-28 (Linggo) sa paligid ng La Cittadella, sa Silangan (east) ng JR istasyong Kawasaki. Sa buong linggong ito ng Kawasaki Halloween 2007 ang lahat ng pamilihan sa distrito ng La Cittadella ay magtatanghal ng iba’t ibang ibento, kabilang ang face-painting, espesyal na make-up booth, anime character shows at performances atbp. Ang pangunahing ibento nito ay and parade sa ika-28, (Linggo) kung saan may tinatanyang 3000 katao ang inaasahang lalabas sa kanikanilang suot-halimaw sa parading gaganapin palibot ng istasyon ng Kawasaki. Para sa detalye ng iskedyl ng ibento at mga katanungan, tumawag sa Kawasaki Halloween Project 044-233-1934.



Ika-30 Piyesta ng Mamamayan ng Kawasaki

318

第30回かわさき市民祭り

Ang piyestang ito ay gaganapin sa loob ng tatlong araw mula Biyernes, ika-2 hanggang ika-4 (Linggo) ng Nobyembre sa loob at labas ng Fujimi Park ng Kawasaki. Hahatiin ng limang seksyon ang lugar ng Piyesta. Furusato Koryu Hiroba, Omatsuri Hiroba, Fureai Hiroba, Asobi no Hirobiba at Kenkou Hiroba. Ang bawat seksyong ito ay may iba’t –bang pagtatanghal tulad ng musical performances, eksibisyon ng mga produkto, pagkain at inumin atbp.

Sa Sabado, ika- 3 ng Nobyembre, mula alas 11 ng umaga may paradang may sakay ng mga rebulto, unicycles at iba pa. At habang idinaraos ang piyesta, babaguhin ang Dyim ng Kawasaki, at gagawin itong Planetaryum. Ang Megastar II ay maliwanag na mapapanood ng may 4.1 milyones ng tala at mararanasan ditto ang maaliwalas na kalangitang hindi pa ninyo natutunghayan sa inyong buong buhay. Mapapanood din and Doraemon sa ika- 4 ng Nobyembre (Linggo)

Ang Fujimi Park ay 15 minutong lalakaran mula JR istasyon ng Kawasaki, o Keikyu Kawasaki.

Direktang itawagang inyong katanungan tungkol sa Piyestang pang-mamamayan ng Kawasaki sa 044-200-2308, Citizen Affairs Bureau, Citizen Cultural Affairs Office.


PAUNAWA

Ang "Hello Work Kawasaki" ay lilipat sa bagong lokasyon mula ika-26 ng Nobyembre

Lugar: Kawasaki-ku Minami-cho 17-2

Telepono:044-244-8609 Fax:044-233-4343

Mapa papunta sa bagong Hello Work Kawasaki:



Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon

新しい入国検査手続き

Mag-uumpisa na sa ika-23 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot. Ang sinumang tatanggi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaes, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid –Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki
〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/